

Payo sa mga pamilya tungkol sa COVID-19 Pagpapatakbo ng mga Paaralan sa *Greater Sydney

Ang Kagawaran ng Edukasyon NSW at Kalusugan NSW ay nagtutulungan sa paglaban sa COVID-19.

Alinsunod sa pagpapayo ng Kalusugan NSW, ang pag-aaral mula sa bahay ay nakatakda na sa mga paaralan sa *Greater Sydney (kasama ang Blue Mountains, Central Coast, Wollongong at Shellharbour). Ang mga paaralan ay nakabukas para sa lahat ng mga estudyante na nangangailangan ng mga nito. Kung ang isang estudyante o magulang o bata ay may kahit isang banayad na sintomas ng COVID-19 ([COVID-19 symptoms](#)) hindi sila dapat pumasok sa paaralan at huwag babalik sa paaralan hanggang hindi makakatanggap ng negatibong resulta sa pagsusuri at wala nang lumalabas na anumang sintomas.

Mga maskara at pantakip ng mukha

Habang nasa paaralan kinakailangang magsuot ng maskara o pantakip ng mukha sa lahat ng mga lugar sa loob ng gusali para sa:

- lahat ng mga estudyante sa Year 7 at mas mataas
- lahat ng mga kawani.

May mga eksepsyon sa mga panuntunang ito. Mangyaring basahin ang mga panuntunan sa maskara sa website ng Pamahalaang NSW ([Face mask rules on the NSW Government website](#)) para sa dagdag na impormasyon.

Mga bisita

Ang mga hindi kinakailangan na bisita ay hindi pinapayagan sa mga lugar ng paaralan.

Ang mga magulang at tagapag-alaga ay kailangang sumunod sa payo ng kanilang paaralan tungkol sa mga pagbabago sa paghatid at pagsundo sa mga estudyante. Kasama rito ang pananatili sa loob ng sasakyan kung naghahatid at sumusundo sa mga bata kung ligtas na magagawa ito. Hindi ito kasama sa paghatid at pagsundo sa Paalagaan Pagkatapos ng mga Oras sa Paaralan (Out of School Hours Care (OOSHC)) dahil kinakailangan ang pagpirma sa pagpasok at paglabas.

Ang mga magulang ay dapat:

- sumunod sa payo tungkol sa 'physical distancing' sa kanilang lokal na lugar at iwasang magkumpol-kompul sa harap ng mga pasukan ng paaralan
- manatiling nasa labas ka ng mga bakuran ng paaralan – may maaaring mga eksepsyon sa mga Paaralan na may Katangi-tanging mga Gamit (Schools for Specific Purposes (SSP)), mga madaling nagkakasakit na estudyante o mga estudyanteng may mga kapansanan
- susunod sa pagsusuot ng maskara at mag-check in sa pamamagitan ng Service NSW QR code kung papasok sa paaralan.

Mga estudyante sa HSC

Ang mga estudyante sa HSC ay susuportahan na pumasok sa paaralan upang makagawa ng mga kurso, proyekto at paghahanda sa pagsusulit kung hindi ito magagawa sa bahay. Ang mga estudyante na papasok sa paaralan ay kinakailangan na sumunod sa istriktong pag-uugaling pangkaligtasan laban sa COVID.

Serbisyo ng Interpreter sa Telepono

Kung kailangan ng dagdag na impormasyon, mangyaring tumawag sa principal ng paaralan. Kung kailangan ng isang interpreter upang makatulong sa iyong pagtatanong, mangyaring tumawag sa Serbisyo ng Interpreter sa Telepono sa 131 450 at humingi ng isang interpreter sa iyong wika. Hindi ka magbabayad sa serbisyong ito.